PHILANTHROPY FOR CLIMATE

PHILANTROPHY FOR CLIMATE

INTERNATIONAL PHILANTHROPY COMMITMENT ON CLIMATE CHANGE

GABAY SA PAGPAPATUPAD

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association

WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

BERSYON 1.0 - MARSO 2022

May-Akda: Nick Perks

Taos-pusong nagpapasalamat ang WINGS sa Canadian Philanthropy Commitment on Climate Change sa pagbabahagi ng estruktura at format ng kanilang national implementation guide, na naging batayan ng aming bersyon. Nais din naming pasalamatan ang lahat ng tumulong sa pagbuo ng gabay na ito, kabilang sina Alice Amorim, Beatrice de Montleau, Benjamin Bellegy, Dana Decent, Henrike Doebert, James Magowan, Karalyn Gardner, Kathrin Dombrowski, Nadya Hernandez, at Max von Abendroth.

Ang publikasyong ito ay isinagawa sa tulong-pinansyal ng European Union. Ang mga nilalaman nito ay tanging pananagutan ng WINGS at PHILEA, at hindi nangangahulugang sumasalamin ito sa mga pananaw ng European Union.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Ang International Philanthropy Commitment on Climate Change ay isang panawagan sa lahat ng mga organisasyon, anuman ang kanilang layunin, katayuan, o lokasyon, na kumilos hinggil sa climate emergency. Ang mga pumirma sa International Commitment ay nangangakong magsasagawa ng mga hakbang ayon sa pitong haligi ng panawagang ito. Ang International Commitment ay umiiral kasabay ng iba't ibang national philanthropy commitments sa iba't ibang panig ng mundo. Sa kabuuan, binubuo nito ang pandaigdigang kilusang #PhilanthropyForClimate na sa kasalukuyan ay may humigit-kumulang 900 foundations sa buong mundo.

Ang Gabay sa Pagpapatupad na ito ay naglalaman ng mga mungkahing hakbang kaugnay ng bawat isa sa pitong haligi ng International Philanthropy Commitment on Climate Change. Layunin ng gabay na ito na magbigay-inspirasyon at suporta sa mga organisasyon habang nagsisimula sila sa kanilang sariling landas ng pagbabago. Kung ang inyong organisasyon ay hindi pa pumipirma sa International Commitment ngunit pinag-iisipan ito, makatutulong ang gabay na ito upang malinawan kayo sa mga aksyong maaaring isagawa upang maisakatuparan ang mga layunin ng nasabing Commitment. Nagbibigay rin ang mga national climate commitment ng mga karagdagang mapagkukunan ng rekurso upang suportahan ang pagpapatupad ng Commitment sa kani-kanilang mga bansa.

Ang Gabay na ito ay nahahati sa pitong bahagi, isa para sa bawat haligi. Bawat seksyon ay naglalaman ng karagdagang paliwanag kung bakit ito mahalaga, at nagmumungkahi ng mga hakbang sa tatlong antas: Getting Started, Building Momentum, at Demonstrating Leadership. **Inilalahad ang mga ito bilang mga opsyon na maaring pagpilian, at hindi bilang listahan ng mga rekisitos.**

Iba't iba ang laki, estruktura ng pamamahala, kultura sa trabaho, at antas ng yaman o kakayahan ng mga philathropic organisations. Hindi lahat ng nilalaman ng gabay na ito ay magiging angkop o mahalaga para sa bawat organisayong kasapi. **Gamitin lamang ang mga bahaging kapaki-pakinabang para sa organisayon.** Higit pa rito, hindi ito isang ganap o lubos na listahan; hinihikayat namin kayong bumuo ng sarili ninyong mga hakbang at ibahagi ang inyong mga ideya at karanasan sa inyong mga kapwa organisasyon.

Nauunawaan naming nasa iba't ibang yugto ng kanilang paglalakbay sa climate action ang mga pumirmang organisayon. Ang mga bagong pirma na ngayon pa lamang nagsisimula sa climate action ay maaaring pumili ng isa o dalawang aktibidad sa unang antas, o tumutok muna sa isa o dalawang haligi bilang panimulang hakbang. Samantala, ang mga organisasyong may karanasan na sa climate action at kasalukuyang kumikilos sa lahat ng haligi ay inaasahang makakahanap pa rin ng makabuluhang gabay dito upang higit pang mapalawak ang kanilang mga gawain.

Maaring makita ang iba pang mga materyales tungkol sa pagpapatupad ng panawagan sa: philanthropyforclimate.org/other-resources

Sa kasalukuyan, ang WINGS ay bumubuo ng isang simple at taunang reporting framework para sa mga pumirma sa International Commitment. (Ang mga pumirma sa national philanthropy commitments on climate ay dapat sumangguni sa kanilang sariling pambansang gabay.) Ang pangunahing layunin ng reporting process na ito ay upang mapadali ang paglinang ng kaalaman, maibahagi ang mga mabubuting gawain, at matulungan ang mga pumirma na tukuyin ang mga larangang maaari pang paunlarin sa kanilang sariling organisasyon.

Lahat tayo ay kailangang gumawa ng susunod na hakbang; hangga't maari ay maging masigla at mapangahas! Hindi maaaring tugunan ang climate change bilang isang panandaliang solusyon lamang, na hiwalay sa iba pang mahahalagang isyu tulad ng pagkakapantay-pantay at kaunlaran. Patuloy ninyong isaalang-alang ang inyong mga pinahahalagahan at layunin habang kumikilos para sa klima.

Malugod naming tinatanggap ang inyong puna tungkol sa gabay na ito, balita hinggil sa inyong mga gawain, at mga mungkahi para sa susunod na edisyon. Mangyaring makipag-ugnayan kay Erika Miller sa: emiller@wingsweb.org

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

PAGLALAKBAY PARA SA KLIMA

BAGO PUMIRMA

PAGPAPASIYANG PUMIRMA

PAG-OORGANISA NG IMPLEMENTASYON

IMPLEMENTASYON



PAG-UULIT

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

ANG INYONG PAGLALAKBAY PARA SA KLIMA

Walang iisang pamamaraan akma para sa lahat ng philanthropic organisations sa pagpapatupad ng International Commitment, ngunit maaring magsilibing gabay ang mga sumusunod na yugto upang maunawaan ang mga hakbang sa paglalakbay na ito.

1. BAGO PUMIRMA

Hindi kinakailangang may mga naunang paghahanda ang inyong organisasyon bago pumirma sa International Philanthropy Commitment on Climate Change. **Ang tanging kailangan ay ang kagustuhang kumilos upang tugunan ang krisis sa klima.**

Ang unang hakbang ay ang magtanong. Ano ang ugnayan ng isyu sa klima sa pangunahing layunin ng inyong gawain? Ano ang ginagawa ng ibang organisayon upang tugunan ang krisis sa klima? Ano ang maaari nating matutunan mula rito? Ano ang magiging anyo ng isang pampublikong paninindigan sa klima sa aktuwal na gawain?

2. PAGPAPASIYANG PUMIRMA

Ang pagpirma sa International Philanthropy Commitment on Climate Change ay isang pampublikong paninindigan na kailangang gawin sa pinakamataas na antas ng pamunuan, kadalasan ng Board. Tandaan na ang pagpirma ay hindi nangangahulugang may umiiral na kayong mga aksyon ukol sa klima, ngunit ito ay isang pangakong kikilos kayo pagkatapos pumirma at magbabahagi ng impormasyon tungkol sa inyong mga hakbang

Bago lumagda sa internasyonal na panawagan, tiyaking walang umiiral na pambansang panawagan sa inyong bansa na dapat niyong salihan.

3. PAG-OORGANISA NG IMPLEMENTASYON

Pagkatapos ninyong pumirma, mainam na suriin ang kabuuang operasyon ng inyong organisasyon at gamitin ang Gabay sa Implementasyon upang matukoy kung saan kayo maaaring magsimula. Maaring kumilos gamit ang mga haligi ng sabay-sabay (tulad ng programa, operasyon, at pamumuhunan), o maari rin kayong pumili ng isa lamang. **Nasa inyo ang pagpapasya kung paano sisimulan ang implementasyon, batay sa inyong mga prayoridad at kakayahan.**

4. IMPLEMENTASYON

Maraming posibleng paraan para maisakatuparan ang panawagan. Kayo ang magtatakda nang bilis ng pagkilos. Maaaring isa sa mga unang hakbang ay ang pagsukat ng climate footprint ng buong organisasyon at mga gawain nito, at ang pagtatakda ng mga layunin para sa pagbabawas ng emisyon. Halimbawa, maaari itong magresulta sa mas mababang gastusing opersyonal kung magpapatupad kayo ng mga hakbang para makatipid sa enerhiya. Isa pang paraan ay ang pagtingin sa inyong programmatic area, suriin kung paano ito konektado sa climate change, at isaalang-alang ang ilang pagbabago upang maisama ang climate lens sa inyong mga programa.

Kung kayo man ay magsasagawa ng kumpletong pagsusuri ng carbon footprint o magpopokus sa isang tematikong estratehiya, mainam na pag-isipang mabuti kung saan ito maaaring magkaroon ng pinakamalaking epekto sa inyong larangan - **at kung saan rin kayo maaaring magkaroon ng pinakamaraming benepisyo. Ang paglalakbay na ito ay isang pagkakataon upang mapalakas ang bisa at inobasyon ng inyong gawain at gawing mas matatag ito sa harap ng pagbabago ng klima.**

5. PAGSUSURI AT PAG-UULIT

Isang mahalagang bagay: Huwag kalimutang subaybayan at suriin ang inyong pag-usad. Ang pagkatuto sa proseso ay napakahalaga upang mapanatili ang epekto ng inyong pananagutan sa paglipas ng panahon.

Tiyaking may sistema kayo para sa pag-uulat ng progreso sa inyong Board o iba pang internal accountability mechanism. Makakatulong din ito upang maging handa kayo sa pagbabahagi ng inyong mga gawain at natutunan sa iba pang mga Signatory, pati na rin sa pagkatuto mula sa kanilang karanasan.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 1. EDUKASYON AT PAGKATUTO

MULA SA COMMITMENT:

"Titiyakin naming ang aming mga board, komite sa pamumuhunan, kawani, mga volunteers, at mga stakeholder ay may kaalaman tungkol sa sistematikong mga sanhi, epekto, at solusyon sa pagbabago ng klima, pati na rin ang implikasyon nito sa aming gawain.".

BAKIT ITO MAHALAGA:

Ang epektibong pagpapatupad ng Commitment ay nangangailangan ng aktibong suporta at pakikilahok ng bawat isa sa loob ng mga organisasyong pumirma, pati na rin ang pakikipagtulungan sa mga partners. Hindi natin maaaring ipagpalagay na alam na ng lahat kung ano ang kailangang gawin. Upang makakilos nang makabuluhan, mahalagang palalimin muna natin ang kaalaman sa isyu ng klima ng ating mga organisasyon at partners.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Mag-imbita ng mga tagapagsalita upang talakayin sa Board ang koneksyon sa pagitan ng pagbabago ng klima at mga layunin ng inyong organisasyon.
- Magsagawa ng panimulang workshop tungkol sa climate change para sa inyong mga kawani at volunteers. Maaaring anyayahan din ang mga external na stakeholder.
- Mangolekta at regular na magbahagi ng mga balita at impormasyon ukol sa climate change sa inyong organisasyon.
- Samantalahin ang mga pagkakataon upang makapag-usap at matuto kasama ang ibang foundation na pumirma na sa climate commitment.
- **Sa lahat ng aktibidad na ito,** ugaliin na makinig sa iba't ibang boses ng mga eksperto (kasama na ang may praktikal o karanasang pang-komunidad), at maging inklusibo gaya ng pagtiyak na may balanse sa kasarian.

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Mag-organisa ng programang pagsasanay para sa lahat ng kawani, volunteers, mga miyembro ng board, at lahat ng miyembro ng organisasyon upang matiyak na may sapat silang kaalaman tungkol sa pagbabago ng klima.
- Magbigay ng suporta sa mga grantee o katuwang na organisasyon upang makadalo rin sila sa mga kaparehong pagsasanay ukol sa kamalayan sa klima.
- Hikayatin ang mga miyembro ng board na lumahok sa mga panlabas na kaganapan o kumperensyang tumatalakay sa climate change.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Isama ang climate literacy sa proseso ng recruitment at development ng board, volunteers, at kawani (hal. skills audit ng board, mga job description, onboarding/ induction, annual appraisal).
- Suriin ang mga pampublikong pananaliksik tungkol sa koneksyon ng klima sa layunin ng inyong foundation, at kung kinakailangan, mag-komisyon ng karagdagang pag-aaral upang punan ang mga kakulangan, lalo na ang may kinalaman sa lokal na konteksto at mga isyung hindi gaanong nabibigyang pansin.
- Magbigay ng dekalidad, makabuluhan, at angkop na pagsasanay o gabay tungkol sa klima sa inyong mga grantee o katuwang (hal. pagiging epektibo sa enerhiya sa mga proyekto ng gusali, mga matalinong pamamaraang pang-agrikultura, at iba pa).

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 2. **PAGLALAAN NG RESOURCES**

MULA SA COMMITMENT:

"Sa pagkilala sa agarang pangangailangan ng sitwasyon, kami ay mangangakong maglaan ng yaman upang pabilisin ang mga gawaing tumutugon sa ugat ng pagbabago ng klima o sa pag-angkop sa mga epekto nito. Kung ang aming legal na dokumento o ibang mga salik ay nagpapahirap upang direktang pondohan ang mga gawaing ito, hahanapin namin ang iba pang paraan upang makapag-ambag, o pag-isipan kung paano malalampasan ang mga hadlang na ito".

BAKIT ITO MAHALAGA:

Ang pagtugon sa climate change ay nangangailangan ng malakihan at agarang aksyon - kabilang dito ang pagpapalit sa fossil fuels ng renewable energy at mas sustainable na pamamahala ng lupa. Bagamat mahalaga ang yaman mula sa pamahalaan at mga negosyo upang maisakatuparan ito, may mahalagang papel din ang mga philanthropic organization. Ang mga pumirma sa Commitment ay kailangang maglaan ng sariling resources upang maisakatuparan ito nang epektibo.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Magtalaga ng isang tao (o grupo) na may pormal na responsibilidad sa pangangasiwa ng pagpapatupad ng Commitment. Maaaring ito ay isang bagong posisyon o karagdagang tungkulin sa mga kasalukuyang kawani. Tiyaking ang climate lead ay may sapat na antas at badyet upang maisakatuparan ang mga tungkulin.
- Isaalang-alang kung paano makatutulong ang inyong Board sa pagbibigay ng oras at kaalaman para suportahan ang Komitment (halimbawa, gawing regular na paksa sa mga pagpupulong ng Board ang climate agenda, o kumuha ng eksperto sa klima bilang bagong miyembro ng Board).
- Maglaan ng pondo sa kahit isang proyekto, organisasyon, pagkilala, partnership, o iba pang eksternal na gawain na malinaw na nagpapakita ng inyong layunin na tumugon sa isyu ng pagbabago ng klima.

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Maglaan ng bahagi ng inyong programmatic o grant budget para sa climate action sa loob ng inyong mas malawak na layunin - maaari itong isang bagong programa o pagpapalawak ng kasalukuyang mga aktibidad.
- Kung ang inyong organisasyon ay kasalukuyang nagpapondo ng mga aktibidad na may kinalaman sa klima, isaalang-alang kung paano pa ito mapapalawak upang mas mapalalim ang epekto.
- Makipagtulungan sa ibang donor sa pamamagitan ng pooled climate fund o iba pang mekanismo ng kolektibong pagpopondo.
- Kung may oportunidad, maging aktibong miyembro ng isang philanthropic network na nakatuon din sa climate action.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Palalimin ang internal na kapasidad ng organisasyon (hal. karagdagang kawani o kaalaman) upang mas maayos na maiugnay ang mga layunin ng philanthropic organisations sa mga isyu ng klima.
- Isaalang-alang ang posibilidad ng mas malaking paglalaan ng resources ngayon bilang bahagi ng mas strategic na paggasta at investment para sa hinaharap.
- Maglaan ng sapat na bahagi ng inyong kabuuang yaman at paggasta para sa pangmatagalang pagkilos ukol sa klima, kasabay ng iba pang layunin ng inyong organisasyon.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 3. **INTEGRASYON**

MULA SA COMMITMENT:

"Sa disenyo at pagpapatupad ng aming mga programa, hahanapin namin ang mga oportunidad upang makatulong sa makatarungan at pangmatagalang transisyon patungo sa isang net zero na mundo, at upang suportahan ang adaptation sa mga epekto ng climate change, lalo na sa mga komunidad na higit na naaapektuhan".

BAKIT ITO MAHALAGA:

Ang mga sanhi at solusyon ng climate change ay konektado sa maraming aspeto ng lipunan, tulad ng agham, kahirapan at kaunlaran, kalusugan, hindi pagkakapantay-pantay, edukasyon, at sining at kultura. Maaaring gamitin ng mga philanthropic organisations ang kanilang kaalaman at ugnayan upang mapagtagni ang iba't ibang larangan, at isulong ang makabuluhang pagkilos ukol sa klima sa mga pangunahing isyung kanilang tinutugunan.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Humanap ng mga sanggunian o pag-aaral na nag-uugnay sa inyong misyon, pagbabago ng klima, at sa makatarungan at pantay na transisyon patungo sa isang net zero na mundo.
- Magsagawa ng climate strategy session kasama ang inyong programmatic staff upang suriin kung paano maaaring isama ang klima sa mga umiiral na estratehiya.
- Suriin ang kasalukuyang mga grant o programa upang malaman kung may mga aspeto na tumutulong na sa positibong pagkilos ukol sa klima.
- Tukuyin ang mga panganib na dulot ng climate change sa inyong misyon, mga programa, at mga benepisyaryo.
- Siguraduhing ang mga bagong idinisenyong programa o ng kasalukuyang mga programa ay aktibong isinasaalang-alang ang mga oportunidad upang suportahan ang makatarungan at inklusibong transisyon.

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Makipagpulong sa inyong mga grantee o partner - lalo na iyong mula sa marginalized communities - upang tukuyin kung anong mga resources ang kailangan nila upang mabawasan ang kanilang greenhouse gas emissions at makaangkop sa epekto ng klima (hal. capital grants para sa energy-efficient na pasilidad, digital tools upang bawasan ang pisikal na biyahe, mga solusyon batay sa kalikasan laban sa pagbaha, atbp).
- Makipagtulungan sa iba pang funder at organisasyon sa inyong larangan upang itampok at maisama ang climate change sa mga pag-iisip at pagkilos sa inyong isyu (hal. pag-uugnay ng klima at kalusugan, klima at kaunlaran, o klima at karapatang pantao).
- Kung kayo ay nakikipag-ugnayan sa malalaking institusyon, isama ang mga salik ukol sa klima sa inyong due diligence.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Baguhin ang kabuuang estratehiya ng organisasyon upang ituring ang isyu ng klima bilang mahalagang bahagi, kasabay ng iba pang layunin ng inyong philathropic activities.
- Suriin ang mga layunin at plano ng inyong mga programa ayon sa lumalalang epekto ng klima, ang pangangailangang makaangkop, at ang pangangailangang magdulot ng mabilis at makatarungang transisyon.
- Unti-unting ihinto ang pagpopondo o pagsuporta sa mga aktibidad na hindi naaayon sa mabilis na decarbonisation o pagbawas ng carbon emissions.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 4. PONDO AT ARI-ARIAN

MULA SA COMMITMENT:

"Isasaalang-alang namin ang isyu ng climate change nang may kaugnayan sa pinagmulan at pamamahala ng aming mga pondo. Sisikapin naming iayon ang aming investment strategy at pagpapatupad nito sa mabilis at makatarungang transisyon patungo sa isang net zero na ekonomiya."

BAKIT ITO MAHALAGA:

Malawak ang pagkilala sa climate change bilang isang sistemikong panganib sa mga ari-arian. Ang pagbabago sa sistemang pinansyal - mula sa mga nakapipinsalang gawain tungo sa malilinis at makabagong teknolohiya ay mahalaga sa pagharap sa climate crisis. Ang mga philanthropic organizations, na karaniwang may hawak na malalaking pondo o ari-arian, ay kailangang magsilbing huwaran sa larangang ito.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Tukuyin at tiyaking may sapat na kapasidad ang inyong finance team o kumuha ng eksternal na payo upang makabuo ng malinaw na istratehiya sa pagsasama ng klima sa inyong pondo at pamamahala ng ari-arian.
- Kung gumagamit ng external fund managers, hilingin sa kanila na isaalang-alang ang climate risks at iulat ang kanilang mga hakbang kaugnay nito.
- Pumirma sa Principles for Responsible Investment (www.unpri.org).
- Tukuyin ang iba pang mga tagapagbigay ng serbisyong pinansyal na may kontrol o impluwensya ang inyong organisasyon (hal. mga bangko ng operasyon, corporate donors o partners, pension plan ng mga kawani, atbp).

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Sukatin ang epekto ng inyong investment portfolio sa klima.
- Gumamit lamang ng fund managers at financial advisers na isinasaalang-alang ang climate risks at opportunities sa kanilang investment approach.
- Suriin ang inyong investment strategy at mga patakaran upang maisama ang mga panganib ng climate change at mga oportunidad para sa makatarungang transisyon.
- Atasan ang inyong fund manager na bumoto pabor sa lahat ng climate-related resolutions sa mga Annual General Meetings (o ipaliwanag kung bakit hindi ito ginawa).
- Mag-divest mula sa mga kompanyang may negosyo sa fossil fuels at alisin sa portfolio ang iba pang may mataas na carbon footprint.
- Maghanap ng mga pagkakataon upang maimpluwensyahan ang ibang tagapagbigay ng serbisyong pinansyal sa inyong organisasyon (hal. mga serbisyo sa pagbabangko, corporate donors, o pension scheme ng mga empleyado), gaya ng nabanggit sa Antas 1.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Lumipat sa isang portfolio na naaayon sa 1.5°C climate target at may malinaw na layunin at timeline para sa net zero emissions.
- Mag-invest nang naayon sa risk tolerance ng inyong organisasyon sa mga sektor na nagsusulong ng low-carbon transition.
- Makipagtulungan sa iba pang asset owners sa isang koalisyon upang himukin ang mga kumpanya na kumilos para sa klima at makatarungang transisyon.
- Itigil ang pakikipag-ugnayan sa mga tagapagbigay ng serbisyong pinansyal na hindi nagpapakita ng sapat na pagkilos para sa klima.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 5. **OPERASYON**

MULA SA COMMITMENT:

"Magsasagawa kami ng masigasig na mga hakbang upang mabawasan ang epekto sa klima ng aming sariling operasyon, kabilang na halimbawa ang biyahe, mga gusali, at pagbili ng kagamitan."

BAKIT ITO MAHALAGA:

Ang pagsasaayos ng sariling operasyon ay mahalaga upang mapanatili ang integridad at kredibilidad ng organisasyon sa pakikipag-ugnayan nito sa iba tungkol sa isyung may kinalaman sa climate change. Hindi tayo maaaring manawagan ng aksyon mula sa iba kung hindi tayo mismo ay nagsasagawa ng kongkretong hakbang.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Magsagawa ng pagsusuri o imbentaryo upang matukoy kung paano nag-aambag ang operasyon ng organisasyon sa climate change. Tukuyin kung saang bahagi nanggagaling ang pinakamalaking greenhouse gas emissions at saan may pinakamalaking potensyal na pagbabawas.
- Isama sa internal systems ng organisasyon ang tuloy-tuloy na pagsubaybay sa emissions (hal. pagtatala ng biyahe, paggamit ng enerhiya).
- Suriin ang mga panganib ng pagbabago ng klima sa inyong operasyon (hal. gaano kahina ang organisasyon sa mga epekto ng extreme weather o climate shocks?).

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Makipag-ugnayan sa inyong mga kawani upang tukuyin ang mga prayoridad sa pagbabawas ng emissions mula sa operasyon.
- Magtakda ng target na petsa kung kailan mararating ng inyong organisasyon ang net zero operational emissions, pati na rin ang mga interim targets para sa paunang yugto ng pagbabawas.
- Bumuo o baguhin ang mga polisiya na makatutulong sa emission reduction – halimbawa, polisiya para sa sustainable travel, green procurement, at environment-friendly catering.
- Bumuo ng isang climate adaptation plan para sa organisasyon upang maging handa sa mga epekto ng pagbabago ng klima.
- Suportahan ang inyong mga grantee at/o partner upang masukat ang kanilang sariling carbon footprint at climate vulnerability.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Palawakin ang inyong carbon footprint assessment upang isama ang Scope 3 emissions – ito ay mga indirect emissions mula sa inyong supply chain at panlabas na aktibidad (ghgprotocol.org).
- Patuloy na isulong ang taunang pagbawas ng operational emissions ng organisasyon, (halimbawa, sa pamamagitan ng pagbibigay ng parangal o insentibo para sa mga namumuno sa larangang ito).
- I-offset ang anumang natitirang emissions sa pamamagitan ng isang kagalang-galang at sertipikadong tagapagbigay ng carbon offset services.
- Bilang alternatibo sa carbon offsetting, maaaring magtakda ng internal carbon price kada unit ng emission, ayon sa layunin ng Paris Agreement, at gamitin ang pondo bilang karagdagang grant para sa mga proyektong mitigasyon sa klima (tingnan ang mga halimbawa dito at dito).

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 6. **IMPLUWENSIYA AT ADBOKASIYA**

MULA SA COMMITMENT:

"Hahanap kami ng mga oportunidad na makipagtulungan sa iba, upang mapalakas ang tinig ng mga frontline communities, at upang hikayatin at suportahan ang mas matapang na pagkilos ng ating mga stakeholders, mga partner at mga tagapakinig. Kabilang dito ang mga negosyo, lokal o pambansang pamahalaan, mga multilateral na organisayon, mga donor at funders, mga indibidwal, o mga kilusang panlipunan."

BAKIT ITO MAHALAGA:

Ang climate change ay isang sistemikong isyu na epektibong matutugunan lamang sa pamamagitan ng kooperasyon at kolaborasyon, na ginagabayan ng matibay na siyentipikong ebidensya. Madalas ay may natatanging kakayahan ang mga organisasyong pangkawanggawa na pagkaisahin ang iba't ibang sektor, grupo, o bansa, at magbigay ng plataporma para sa mga taong karaniwang hindi nabibigyan ng boses sa pagpapasya.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Maglagay ng pampublikong pahayag sa inyong website na nagsasaad na kayo ay pumirma sa International Philanthropy Commitment on Climate, at ipaliwanag kung bakit ito mahalaga para sa inyong organisasyon.
- Humanap ng mga oportunidad na makipag-ugnayan at kumilala ng mga frontline organizations at iba pang mga organisasyong nagsusulong ng climate action, sa inyong larangan ng trabaho at/o sa bansa saan kayo nakabase.
- Suriin kung gaano kaangkop ang inyong communication strategy kaugnay ng Haliging ito.

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Aktibong itaguyod ang panawagan sa komunidad ng mga philanthropic organisations sa inyong bansa o rehiyon.
- Sa inyong eksternal na komunikasyon, bigyan ng oportunidad ang mga tao at komunidad na lubos na naaapektuhan ng climate change na direktang maipahayag ang kanilang karanasan at pananaw (hal. sa pamamagitan ng paggawa ng video o blog, o pagpapagamit ng inyong social media channels).
- Ibahagi ang inyong tinig at suporta para sa mga inisyatibo sa adbokasiya ng klima sa inyong bansa o rehiyon.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Pumili ng isang layunin sa climate advocacy na naka-ugnay sa philanthropic mission ng inyong organisasyon. Humanap ng mga kampanya, iba't ibang organisasyon, at mga frontline communities na maaaring makatulong upang maisulong ang layuning ito, at makipagtulungan para sa isang epektibong adbokasiya.
- Magdaos ng kahit isang pulong o aktibidad bawat taon para sa mga hindi pa pumipirma, upang hikayatin silang tuklasin at suportahan ang kilusang #PhilanthropyforClimate.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY

Haligi 7. **TRANSPARENCY**

MULA SA COMMITMENT:

"Mangangalap at maglalathala kami ng impormasyon taun-taon hinggil sa mga hakbang na aming isinagawa kaugnay ng anim na haliging nabanggit sa itaas, upang maibahagi ang aming progreso at matukoy ang mga larangang maaaring pagbutihin. Patuloy naming pauunlarin ang aming mga gawain, makikipagtulungan, at matututo sa isa't isa."

BAKIT ITO MAHALAGA:

Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman at mga natutunan, matutulungan ng mga lumagda ang isa't isa na kumilos nang mas epektibo upang tugunan ang laki at agarang pangangailangan ng krisis sa klima. Maaaring magdulot ito ng karagdagang motibasyon upang maisakatuparan ang aming mga ipinangakong hakbang.

MUNGKAHING MGA HAKBANG

ANTAS 1: **PAGSISIMULA**

- Gumamit ng blog, artikulo sa media, o iba pang pampublikong plataporma upang ibahagi ang kuwento ng inyong mga gawain para sa klima.
- Lumahok sa mga peer-to-peer climate philanthropy events.
- Kumpletuhin ang taunang ulat para sa WINGS alinsunod sa itinakdang siklo.

ANTAS 2: **PAGPAPALALIM**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1

- Bumuo ng mekanismo upang makapag-ulat sa publiko bawat taon hinggil sa inyong pagsulong ng Commitment na ito (bilang karagdagan sa inyong taunang pag-uulat sa WINGS).
- Bumuo ng mekanismo upang suportahan ang organisational learning at impact management kaugnay ng mga hakbang para sa klima.
- Bumuo ng mga KPIs upang masukat ang inyong pag-unlad sa bawat haligi ng Komitment.

ANTAS 3: **PAMUMUNO**
Bilang karagdagan sa mga hakbang sa Antas 1 at 2

- Maghanap ng external at independent verification o sertipikasyon ng inyong progreso sa isa o higit pa sa mga nabanggit na larangan.
- Aktibong tumulong sa iba pang mga funders na nagnanais kumilos laban sa climate change.

Funded by the European Union

Philea Philanthropy Europe Association
WINGS ELEVATING PHILANTHROPY